IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

# MGA Pamahiin/Paniniwala sa Kasal sa Seklo Ng Buhay Surigaonon

**Siona, Cristelyn C., Esculto, Gemma R.**
Surigao Del Norte State University, Philippines

**Abstract***: Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa mga balyung kultural para sa preserbasyon ng kasal sa kulturang Surigaonon. Ang kasal ay isang mahalagang okasyon sa kulturang Surigaonon, na puno ng tradisyunal na ritwal at seremonya. Sa kabila ng mga modernisasyon at pagbabago sa lipunan, nananatili pa rin ang mga balyung kultural bilang mahalagang bahagi ng pagkakakilanlan ng mga Surigaonon. Layunin ng pag-aaral na ito na tuklasin kung paano pinahahalagahan at pinapanatili ng mga mag-aaral ang mga tradisyunal na kaugalian sa kasal sa pamamagitan ng pagsasaliksik at pakikipag-usap. Sa pag-aaral na ito, gagamitin ang pamamaraang kwalitatibo upang maunawaan ang kanilang mga paniniwala, saloobin, at karanasan kaugnay ng paksang ito, at matukoy ang mga dahilan kung bakit mahalaga sa kanila ang pagpapahalaga sa mga balyung kultural, na maaring nagpapakita ng pagmamalasakit sa kanilang kultura at angkan*

**Keywords:** Kasal sa kulturang Surigaonon, Balyung Kultural, Preserbasyon ng tradisyon, Pagpapahalaga ng mga mag-aaral, Pamamaraang kwalitatibo

## KABANTA 1
## PANIMULA

Ang kultura pati na ang mga hulwaran ng kilos at pagisip ng mga taong nakatira sa iba't ibang pangkat ng lipunan ay napag-aaralan, nalilikha, at naipamamahagi. Ang kultura ang siyang nagsasabi sa kaibahan ng isang pangkat ng tao mula sa iba. Ang kultura ng tao ay sumasakop sa kanilang paniniwala, mga tuntunin ng asal, wika, mga ritwal, sining, istilo ng pananamit, relihiyon at mga sistemang politika at pangkabuhayan.

Ang bawat lugar ay may tinatawag na kultural na identidad, ibig sabihin tatak ng kultural na pagkakakilanlan. Ang identidad na ito ay hindi maaaring mawala sa isang tao. Sa halip, mananatili ito hanggang kamatayan. Nananalaytay na ito sa dugo at lahi ng isang tao. Mabahiran man ito ng iba

pang kultura subalit lilitaw pa rin ang likas na identidad. Ang tao ang siyang itinuturing na humuhubog sa kanyang sariling kultura.

Ang mga kaugaliang ito ay maaaring nananatili pa rin hanggang sa kasalukuyan o kaya ay nagkaroon ng pagbabago dahil sa impluwensiya ng kanluraning kultura at mga bagong tuklas na teknolohiya.

Sinasabing hinuhubog sapagkat ang kultura ang matibay na sangkap na bumubuo sa kung sino at ano mang lipi. Itinuturing siyang isang yunit ng lipunan sapagkat siya ay nagsisilbing instrumento upang payabungin ang kulturang kanyang kinagisnan habang siya ay namumuhay sa iisang pamayanan. Sinasabing ang tao rin ang gumagawa ng kanyang pamayanan at sa pamayanang ito ipinakilala ng tao ang o tuntuning dapat sundin na kumontrol sa mga mamamayan.

Ang mga kaugalian at balyu ay uri ng pagpapahalagang umiiral sa isang lipunan. Ang mga ito ay nagsisilbing pamantayan sa pagkilala sa kung ano ang tama at kahanga- hangang pag-uugali na dapat ipakita at isakatuparan ng tao. Ito ang nagbibigay-halaga sa mga kilos at gawi na nagpapakita ng pagpapahalagang kultural

Sa ganitong pag-aaral, maaaring matukoy at mailahad ang kahalagahan ng preserbasyon ng isang kultura sa isang mamamayan ng Surigao. Bibigyang linaw at lawak pa ng pagaaral na ito ang kahalagahan ng pagpapaunlad ng kultura upang malaman ano ang status nito sa isang komunidad upang mabigyan ng interbensyon sa mga ahensya naka ukol nito. Panghuli, ang pinaka layunin ng pag-aaral na ito ay upang maka buo ng katalogo ng mga awiting harana.

Sa konteksto ng Pilipinas, marami nang naisagawang pagaaral tungkol sa ugnayan ng festival, relihiyon, at kasaysayan ng ating bansa at kakaunti pa lamang ang mga pagaaral na sumesentro sa tradisyon sa pamamanhikan at pagpapakasal

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

bilang representasyon ng kultura at identidad ng isang pangkat Surigaonon, binigyang pansin sa papel na ito ang pagdalumat sa mga tradisyon bilang daluyan sa pagtukoy sa mga aspekto identidad ng mga Surigaonon. Mahalaga itong kontribusyon sa pagpapahalaga sa mga tungkuling ginagampanan ng mga pamilya sa pagpapakilala ng kultura at identidad ng isanglipunan o komunidad.

Base sa mga nabasang pag-aaral, ang puwang o problema sa mga nakaraan na pag-aaral ay nakapokus lamang ito sa mga wikang Surigaonon kaya ang pag-aaral na ito ay naka angkla sa paghahanap ng balyung kultural sa larangan ng panliligaw at pagpapakasal sa kasalukuyang panahon. Bukod pa rito, may kakulangan sa katawan ng literatura sa mga tuntunin ng mga local na pag-aaral na matatagpuan sa Pilipinas na tumatalakay sa mga pananaw ng mga tao tungkol sa preserbasyon ng isang kultura. Samakatuwid, ang pag-aaral na ito ay napapanahon upang patuloy na makapag-ambag sa pag-preserba ng kultura ng Surigao del Norte.

**Batayang Teorya**

Interpretasyon ng Kultura

Ang kultura ay isang komplikadong kabuuan na binubuo ng lahat ng mga kakayahan at kasanayan na nalinang ng tao bilang kabahagi ng isang lipunan. Sinasaklawan nito ang mga karunungan, kapaniwalaan, sining. pamantayang moral, legal at maging ang mga natatanging aspekto ng kaayusang panlipunan (Taylor, 1971).

Sa isang lipunan ay maaaring may iba't ibang kulturang umiiral dahil sa pagkakaroon ng tribong kinabibilangan. Maaaring ang bawat tribo ay magkakaroon ng mahalagang kultural na ambag sa lipunang kanyang ginagalawan. Tinutukoy dito kakayahan at kasanayang ginagawa ng mga tao. Ang disiplinang sosyolohiya, halimbawa ay nauugnay sa relasyon ng tao sa kanyang lipunan.

Ang tao at ang kulturang kinagisnan ang mahalagang bagay na tinitingnan sa disiplinang ito. Ang tao ay hindi maaaring ihiwalay sa mga institusyong bahagi ng sistema. Mula sa kanyang pagsilang hanggang sa kamatayan, bahagi siya ng mga institusyon na gawa rin naman ng mga tao ang pamilya, simbahan, edukasyon, batas militar, politika, agham, kultura at iba pa (Reyes, 1978).

May iba't ibang kulturang umiiral sa isang lipunan. Hindi ito maaaring paghiwalayin kaya ang kultura at lipunan ay magkabuhol. Sa bawat pag- unlad ng isang lipunan patuloy din ang pagpapayabong sa bawat kulturang umiiral dito.

Magkaiba ang kultura at paniniwala ng mga taong naninirahan sa isang lipunan. Sa tulong ng lokal na pamahalaan ay napagkakaisa ng institusyong ito ang mga tao. Sumusunod ang mga tao sa batas na ipinapatupad ng pamahalaan, kaya hindi maaring ihiwalay ang tao sa isang lipunan.

Isang teoryang pansosyolohiya ang may kinalaman sa mga kaugalian. Ito ang cultural relativism na nangangahulugang kung anuman ang kaugalian, paniniwala, batas, at kostumbreng tinanggap ng isang lipunan ay itinuturing nilang tama at mabuti kahit na ito ay mali at imoral sa ibang lipunan.

Samakatuwid, ang tama sa isang grupo ay marahil mali at imoral sa pananaw ng ibang grupo. Ito ay nagsasaad na walang karapatang husgahan ng ibang tao ang kulturang umiiral sa isang lipunan gaano man ito kapangit. kasama at mali sa kanyang paningin (Bustos, 1996).

Samantala, sa disiplinang antropolohiya na hindi rin naman nalalayo sa sosyolohiya, ay binibigyang-pansin ng mga antropolohista ang pagkakahawig at pagkakaiba ng kultura ng mga tao upang maipakita ang paraan ng pamumuhay ng bawat lahi. Taglay ng bawat kultura ang anim na mga pangunahing elemento nito tulad ng mga paniniwala, kaugalian at balyu, norms o kostumbre at pagpataw ng parusa, simbolo, wika at teknolohiya o pangkabuhayan (Gelles at Levine, 1999). Una, ang mga paniniwala. Ito ang mga ibinabahaging ideya at karanasan kung paano nagawa o pinanahanan ang mundo. Maaaring ito ang mga buod at interpretasyon ng nakaraan, mga paliwanag sa kasalukuyan, o prediksyong panghinaharap. Maaaring ito ay ibinatay sa komong kaalaman ng tao, relihiyon, o agham o kombinasyon ng mga ito.

Ilan sa mga ito ay iniuugnay sa mga bagay na mahirap ipaliwanag tulad ng paniniwala sa kaluluwa ng tao na nabubuhay pagkatapos ng kamatayan. Kinilala ng bawat kultura ang mga ideyang may kaakibat na patunay tulad ng paniniwalang ang paninigarilyo ay nagdudulot ng sakit sa baga na maaaring mauwi sa kanser. Gayundin, ang mga ideyang di pa nakikita o napatunayan tulad ng mayroong matiwasay na buhay sa iba pang planeta sa mundo.

Pangalawa, ang mga kaugalian at balyu. Ito ang mga pagpapahalagang umiiral sa isang lipunan. Ang mga ito ay nagsisilbing pamantayan sa pagkilala sa kung ano ang tama at kahanga- hangang pag-uugali na dapat ipakita at isakatuparan ng tao. Ito ang nagbibigay-halaga sa mga kilos at gawi na nagpapakita ng pagpapahalagang kultural. Ang

mga anak ay sumusunod sa kanilang magulang kahit na sila ay may sarisarili ng pamilya. Ang tagumpay ng isa ay tagumpay ng lahat. Uunahin ang pangangailangang pampamilya bago ang sariling kapakanan at ambisyon.

Pangatlo, ang norms o kostumbre at pagpataw ng parusa. Ito ang nagsisilbing tuntunin o batas kung ano ang dapat o di-dapat na isakilos at isakatuparan ng tao, kung ano ang dapat at di- dapat niyang gawin o sabihin sa isang partikular na sitwasyon. Ang paglabag o pagsuway sa mga itinakdang batas ay may kaakibat na parusa subalit ang sumunod dito ay ginagantimpalaan. Kaugnay ng elementong ito ang tinatawag na mores at folkways.

Ang mores ay batay sa etikal at moral na pagpapahalagang panlipunan. Halimbawa nito ay ang pakikipagtalik ng magulang sa anak ay isang paglabag sa tuntuning panlipunan. Ito ay hindi katanggap-tanggap sa lipunan. Malaking kasalanan ito at imoral kaya mabigat ang parusang ipapataw sa magulang na nagkasala. Ang folkways naman ay pansariling tuntunin ng tao katulad ng kung ano ang dapat ikilos ng isang dalaga sa isang okasyon. Ang parusa rito ay magaan lamang, maaaring siya ay hahangaan o mapipintasan, pagtatawanan at iba pa.

Pang-apat, ang mga simbolo. Ito ay isang imahe, bagay, o tunog na nagpapahayag o nagtataglay ng sariling kahulugan gaya ng estatwa ni Buddha, ng isang teddy bear, at isang pambansang awit. Ang karamihan sa mga simbolong ito ay nagtataglay ng kahulugang kultural at ginagamit s ng isang lipunan, mapapansing bilang isang miyembro ay patuloy na patuloy pa rin ang kaugnayan o interaksyon ng bawat isa. Sa pamamagitan ng sosyal na kaugnayan ay siyang pinakapunong sosyal na proseso o di kaya'y pinaka- unibersal na simulain na kung saan nagpapahayag na walang sosyal sa buhay na imposible. Sa sosyal na pakikipag-ugnayan, ang mga indbidwal o grupo ay nakikisalamuha sa bawat isa sa loob ng isang kontekstong sosyal (Strauss, 1968). Ibig sabihin, ang mga taong ito ang nagkakapalagayang-loob, nagsasalu-salo sa mga pamantayang itinakda ng lipunan

Suring-basa ng mga Literatura

Ang masusing pag-aaral ng mga katangian sa paraan ng pamumuhay hinggil sa isang pangkat ay masasalamin sa kulturang kinamulatan at hindi sa lipunang kinabibilangan.

Batay sa depinisyon, ang mga kaugalian, paniniwala, batas, sining, kaalaman, kaugalian at lahat ng kakayahan ay nakukuha ng tao sa kanyang pakikibagay sa lipunan. Sa pakikibagay ng mga tao sa kanilang kapwa ay nagkakaroon sila ng panibagong samahan at nagkakaroon ng panibagong kultura. Mahalaga ang kasalukuyang pag-aaral upang mas lalong maiintidihan ng mananaliksik ang tungkulin ng mga kultura at tradisyon sa isang lipunan.

Si Cruz (1999) ay nagbigay rin ng pakahulugan tungkol sa kultura, Ayon dito, ang kultura ay mahalaga sa kapaligiran ito ay pinagtitiyakan ng personalidad, ang mga karanasan ng bawat isa ay isa siyang resulta sa pagpapakasapi sa partikular na kultura. Ang bawat kultura ay may itinatag na organisasyon na huwaran sa kaalaman, ugali, at ritwal.

Sa pag-aaral ni Mambuay (2005) sa kanyang tesis na pinamagatang "Mga nanatili at nabagong kulturang Meranaw na sa limang kuwento hango sa "Aden a ayon sa kanya ang kultura ay nanatili at ito rin ay maaring magbago ngunit hindi nawawala. Masasabing ang mga Meranaw ay hindi lamang nakagapos sa nakaraan. Dahil sa edukasyon, pakikipagkakalakalan at makabagong teknolohiya. Ang pangkat ng mga Meranaw ay naging bukas sa pagbabago ngunit hindi pa rin nakakalimutan ang mga katangi-tangi at naiiba nilang kultura.

Kung ating susuriin ang pahayag ng bawat manunulat ay may kanya-kanyang pag-iisip at pagbibigay ng katuturan. Ayon naman sa mananaliksik, ang mga kaugnay na pag-aaral ay nagbibigay ng iba't ibang interpretasyon sa kultura ang bawat manunulat. Sa bawat pangkat sa Pilipinas ay nagkakaroon ng iba't ibang paniniwala, kilos, batas, at kilos ayon sa pamumuhay, ang bawat pangkat sa Pilipinas ay mayroon kultura na nagbibigay sa kanila ng kakilanlan o identidad.

Ang pag-aaral na ginawa ni Pangcoga (1990) kanyang natuklasan na ilan sa mga tradisyunal na kaugalian ng mga Meranaw, ay tungo sa pagliligawan at kasalan. Unti-unti itong nawawala at nagkakaron ng pagbabago na isinusunod sa makabagong pamamaraan. Maiiugnay ang pag-aaral na ito sa pagaaral ng mananaliksik dahil nabanggit ni Pangcoga ang untiunting nawawala at nagkakaroon ng pagbabago ang paliligawan. Sa pag-aaral ng mananaliksik ito'y nabanggit sa nakalap na mga kwentong bayan. Ang pagpapasama sa kapwa lalaki kapag ang panliligaw ng isang lalaki na nagbibigay ng sulat at ang maliwanag na pagtatapat ng isang lalaki sa ina ng babae.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matugunana mabigyang kalutasan ang mga sumusunod na suliranin:

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

1.Anu-ano ang mga salitang Sinurigaonon kaugnay ng Pamahiin/Paniniwala sa panahon bago ikasal, sa araw ng kasal, pagkatapos ng kasal?
2.Alin sa mga salitang Sinurigaonon sa kasal na magkatulad at di magkatulad sa Filipino?
3.Paano mailalapat ang mga katawagan sa kultura ng kasal sa asignatura sa Filipino?
4.Anong banghay aralin ang maaring mailapat sa loob ng klase?

## KABANATA 2
## PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK

Ang kabanatang ito ay napapalooban ng mga pamamaraang ginamit ng mananalisik sa paglikom ng mga datos, at ang pagaanalisa ng mga datos upang masagot ang mga suliranin.

**Desinyo**

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng pamaraang palarawan sa uri nitong thematic analisis (Descriptive Method). Thematic analysis upang mailarawan at masuri ang mga gawi ng mga Surigaonon sa panliligaw at kasal na ipinagpapatuloy pa sa kasalukyan ng mga Surigaonon, gumagamit ang mananaliksik ng disenyo na ito upang maunawaan ang unibersal na kalikasan ng isang phenomenon sa pamamagitan ng pagtuklas sa mga pananaw ng mga nakaranas nito. Nasasangkot ditto ang paglalarawan, pagtatala, pagsusuri at pagpapakahulugan ng kasalukuyang kultura, pagkakabuo at proseso ng isang pangyayari.

Tinalakay dito ang mga pagkakaugnay ng mga pangyayari, mga kadahilanan kung bakit nagaganap ang mga kaugalian, paniniwala kaugnay ng mga kalagayan, paniniwala ng mga tao, mga bunga ng mga pangyayari at mga kasalukuyang kaganapan (Hontiveros at Ganzon, 2005).

**Tagatugon**


Ang mga tagatugon sa pananaliksik na ito ay ang mga lokal na residente sa Surigao del Norte. Layunin ng pananaliksik na ito ang malaman nag kanilang persepsyon at suhestiyon sa pagbuo ng katalogo galing sa kultural na balyu ng panliligaw ang pagpapakasal na kultura ng Surigaonon.

Ang mga maging kalahok ng pag-aaral ay dalawampung (20) matatandang Surigaonon na ipinanganak at lumaki sa Surigao del Norte. Sila ay may edad na 40 pataas; may nalalaman sa mga kultura ng Surigaonon lalo na sa tradisyon ng panliligaw at pagpapakasal sa noong unang panahon.

**Kaligiran ng Pananaliksik**

Ang Surigao del Norte ay isang lalawigan ng Pilipinas na matatagpuan sa rehiyon ng Caraga sa Mindanao. Lungsod ng Surigao ang kapital nito. Sa kasalukuyan ang Surigao del Norte ay binubuo ng Pulo ng Siargao sakop ang pulo ng Bukas Grande ng Soccoro at sa isang maliit na rehiyon sa kahilagang dulo ng pulo ng Mindanao na pinapaligiran ng Agusan del Norte, at Surigao del Sur sa timog.

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024




**Figyur 1.** Mapa ng Surigao City

**Instrumento ng Pananaliksik**

Ang instrumentong ginamit sa pag-aaral ay talatanungan na pasagutan sa mga respondente. Ito ang mga tanong na nakalagay sa unang kolum gaya ng kanilang mga personal na impormasyon upang matukoy ang kanilang pangkat na kinabibilangan at ang kanilang paniniwala sa kultura. Ang mga kaugaliang tradisyon sa panliligaw at kasal ay makukuha lamang tungo sa interbyu sa tagatugon.

**Paraan sa Pangangalap ng mga Datos**

Ang mananaliksik ay magsagawa ng pangangalap ng datos sa bayan ng Surigao del Norte. Isa-isang pupuntahan ang mga impormante upang makalap ang mga kultura na kasasalaminan ng kultura. Habang magsasalaysay ang impormante ay isilat ito ng mananaliksik at inirekord din ang "cellularphone".

Mula sa mga makalap na tradisyon sa panliligaw at kasalisang babasahin ng mananaliksik ang mga trankripsyon nito. Papatibayin ang bawat kaugalian, paniniwala at valyung natukoy sa pamamagitan ng pagkokonsulta sa mga impormante upang malaman kung ang mga nagawang pahayag ay magpapatunay na totoong bahagi ito ng kulturang Surigaonon. Pagkatapos mabanggit ang mga nasalaming kultura ay gagawan ito ng tseklist kwestiyoner na siyang gagamitin sa papasarbey sa mga mag-aaral. Ito ay upang malaman kung nananatili pa ba ang mga kulturang nasalamin sa mga tradisyung ito.

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
IJARSCT
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

**Pagsusuri ng mga Datos**

Ang frequency at percentage distribution ay gagagmitin sa paglalarawan ng profayl ng mga respondente sa kanikanilang mga kasagutan. Sa pag-aaral na ito, ginamit din ang thematic analysis para sa kwalitatibong pagsusuri sa mga impormasyong nakalap mula sa ibat-ibang panayam. Unang ginawa ng mananaliksik ay ang mga transcript ay paulit-ulit na binabasa, upang maging pamilyar sa data, pagmamarka at pagkomento sa mga punto ng interes. Kasunod nito, ang mga transcript ng panayam ay na-summarize, kung saan inihambing ang mga pangunahing punto ng talakayan.

## KABANATA 3
## MGA RESULTA AT PAGTATALAKAY

Napapaloob sa kabanatang ito ang presentasyon, analisis at interpretasyon ng datos batay sa nakalap ng mananaliksik na mga terminong naglalarawan sa pamamaraan ng pamamanhikan at pagpapakasal sa Surigaonon na tradisyon.

Sa paglalahad ng mga datos na nakalap, ang mananaliksik ay gumamit ng mga talahanayan upang ipakita ang mga propayl ng mga tagatugon, at ang kwalitatibong analisis sa pamamagitan ng thematic analis upang makabuo ng iisang tema bawat paksa na naayon sa suliranin ng pag-aaral. Pinagsunodsunod ito sa bahaging ito ang mga datos batay sa pagkasunodsunod nito sa layunin ng pag-aaral na makikita sa Kabanata 1

Talahanayan 1. **Mga Tagatugon ng Pag-aaral**

| **Propayl** | **Descriptors** | **Frequency** | **Percent** |
|---|---|---|---|
| | Lalake | 7 | 35.0 |
| **Kasarian** | Babae | 13 | 65.0 |
| | 20-25 years old | 1 | 5.0 |
| | 26-30 years old | 6 | 30.0 45.0 |
| **Edad** | 31-35 years old | 9 | 15.0 |
| | 36-40 years old | 3 | 5.0 |
| | 41 years pataas | 1 | |
| | Bisaya/ | 14 | 70.0 |
| **Pangkat na** | Surigaonon | | 15.0 |
| **Kinabibilangan** | Muslim | 3 | 15.0 |
| | Bisaya Waray | 3 | |
| | 5-10 years | 13 | 65.0 5.0 |
| **Taon ng Paninirahan** | 11-20 years | 1 | 20.0 |
| | 21-30 years | 4 | |
| 31 years pataas | | 2 | 10.0 |
| College **Edukasyong Natapos** (Bachelors) | | 20 | 100.0 |
| **TOTAL** | | **20** | **100** |

Mula sa dalawampong (20) residenteng tagatugon, makikita na bumubuo ng labing tatlo (13) residente ang mga babae, samantalang pito (7) lamang ang tagatugon na lalaki.  Ibig sabihin nito mas maraming residente na nagging tagatugon sap ag-aaral. Habang ang kanilang edad ay 31-35 years na taong gulang.

IJARSCT

ISSN (Online) 2581-9429

International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)

International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal

Impact Factor: 7.53

Volume 4, Issue 2, August 2024

Nasa 70% na bahagdan naman sa tagatugon ang nabibilang sa pangkat Bisaya/Surigaonon, na naninirahan sa Surigao del Norte na lima (5) hanggang sampung (10) taon.

Talahanayan 2. **Sinurigaonon kaugnay ng Pamahiin/Paniniwala sa panahon bago ikasal, sa araw ng kasal, pagkatapos ng kasal**

| | |
|---|---|
| **Bago ang Kasal** | **Pamalandong-** Ito ay ang proseso ng pagmumuni-muni o pag-iisip ng lalaki bago siya magdesisyon na manligaw.<br>Mahalaga ang hakbang na ito upang matiyak na ang intensyon ng lalaki ay tapat at naipapaalam niya ang kanyang intensyon sa pamilya ng babae.<br>**Pangkikay-** Sa yugtong ito, ang lalaki ay nagsisimulang manligaw sa babae at magbigay ng mga regalo. Ito ay bahagi ng pagpapakita ng kanyang interes at pagmamahal, na |
| | mahalaga upang matamo ang tiwala ng babae at ng kanyang pamilya.<br>• **Pamamasid-** Ang mga magulang ng babae ay nagmamasid sa kilos at ugali ng nanliligaw. Ito ay paraan upang matiyak na ang lalaki ay may magandang intension at may kakayahan na magbigay ng magandang kinabukasan sa kanilang anak. |
| **Araw ng Kasal** | **Pagpupulong-** Ito ang pagtitipon ng mga pamilya ng magkasintahan upang pag-usapan ang mga detalye ng kasal. Dito pinaguusapan ang mga plano at tradisyon na susundin sa araw ng kasal. May paniniwala na dapat itong maayos at pinagplanuhan upang maiwasan ang anumang malas o gulo sa araw ng kasal.<br>**Pamamanhikan-** Isa itong mahalagang ritwal kung saan ang pamilya ng lalaki ay opisyal na humihingi ng pahintulot sa pamilya ng babae para sa kasal. Ang tamang pagpapatupad ng pamamanhikan ay simbolo ng respeto at kahandaan ng lalaki na gampanan ang kanyang tungkulin bilang asawa. |
| **Pagkatapos ng Kasal** | • **Pagpupulong at Honeymoon-** ang panahon para sa mga bagong kasal upang matiyak na magiging masaya at matagumpay para sa gagawin na pamilya. |

Ang mga pamahiing ito ay nagpapakita ng malalim na respeto sa tradisyon ng Surigaonon at ng kanilang pagpapahalaga sa kultura, kahit sa harap ng modernisasyon. Ang proseso mula sa panliligaw hanggang sa pagpapakasal ay binibigyan ng malaking halaga at sinusunod pa rin sa kasalukuyang panahon upang mapanatili ang pagkakakilanlan at kultura ng Surigaonon.

Dahil sentro sa pag-aaral na ito ang balyu ng kulturang Surigaonon, nabuo at nakalap ng mananaliksik ang mga pagbabago at pag-unlad ng paraan ng panliligaw ng tradisyon. Ang mga konsepto sa ibaba ay ang mga nabanggit na katawagan na mahalaga sa proseso ng panliligaw at pagdaraos ng kasal sa katutubong kultura ng Surigaonon. Ang mga ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng mga tradisyonal na ritwal at kaugalian sa pag-iisang dibdib ng magkasintahan sa lipunang Surigaonon.

Sa gitna ng pagbabago ng panahon, napapanitili sa tradisyon ng Surigao ang mga tradisyonal na pamamaraan. Ang mga taong nakatira sa Surigao ay tinatawag na "Suriganonon" at ayon kay Fernando A. Almeda Jr. (1993) sa kanyang aklat na "*Suriganonon across the years: Story of a Province*". Isa sa mga balyu ng Surigaonon ay palaging binibigyang importansya ang kanilang mga tradisyon at kultura. Ang mga taong naninirahan sa Surigao ay higit sa lahat ay mga Katoliko, ang natitirang pamana ng Espanya ay mga Aglipayan, Protestante, Muslim at iba pang relihiyon. At ito ay may malaking epekto sa pamumuhay ng bawat Surigaonon, lalo na ang mga kabataan ng Surigao. Sa pag-aaral ni Tan & Samson
(2019), ipinapakita sa pag-aaral na ito ang iba't ibang tradisyonal na kasanayan sa panliligaw at kasal sa iba't ibang rehiyon sa Pilipinas, kabilang na ang Surigao. Binibigyang-diin nito ang halaga ng mga ritwal tulad ng pamamanhikan at ang pagpapahalaga sa mga pamilyang kasangkot.

Ang ating kultura at tradisyon sa ganitong pag-unawa, ay isa lamang sa konkretong manipestasyon ng totoong batayan ng ating pambansang identidad. Alinsunod dito, magbago man ang ating kultura dahil sa modernong panahon dulot ng

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

globalisasyon, hindi ito agad nangangahulugan ng paglaho ng ating tradisyon sa pamamanhikan at pagpapakasal sa konteksto ng Surigaonon.

**Talahanayan 3.** Salitang Sinurigaonon sa kasal na magkatulad at di magkatulad sa Filipino

| | | |
|---|---|---|
| **Magkatulad** | **Surigaonon**<br>• Pamamanhikan<br>(Sinurigaonon) • Kasal<br>(Sinurigaonon) | **Filipino**<br>Pamamanhikan<br>(Filipino)<br>Kasal<br>(Filipino) |
| **Di Magkatulad** | **Magtatanong**<br>**Magpapakilala**<br>Ang "magpapakilala" sa Filipino ay | Sa Filipino, ang "magtatanong" ay ginagamit upang tukuyin ang paghingi ng |
| | tumutukoy sa proseso ng pagpapakilala ng lalaki at kanyang pamilya sa pamilya ng babae. Maaaring iba ang katumbas na termino sa<br>Sinurigaonon. | pahintulot. Sa Sinurigaonon,<br>maaaring may partikular na termino para dito na hindi kapareho ng Filipino, ngunit hindi nakasaad sa datos. |

Parehong ginagamit ang salitang "pamamanhikan" sa Filipino at Sinurigaonon upang tukuyin ang pagbisita ng pamilya ng lalaki sa pamilya ng babae upang humingi ng pahintulot para sa kasal. Ang salitang "kasal" ay magkatulad din sa Filipino at Sinurigaonon, na nangangahulugang seremonya ng pag-iisang dibdib ng magkasintahan.

Mahalagang magsaliksik pa ng mga tiyak na terminong ginagamit sa Sinurigaonon na may kaugnayan sa kasal upang mapalalim ang pagkakaintindi sa mga tradisyon at kultura ng mga Surigaonon. Ang mga salitang ito ay maaaring magbigaydaan sa mas malalim na pag-unawa sa pagkakatulad at pagkakaiba ng mga wika at kultura sa Pilipinas.

Sa lipunang Surigaonon, ang paraan ng panliligaw at proseso ng kasal ay malalim na bahagi ng kanilang kultura at tradisyon. Narito ang pangkalahatang pang-unawa sa ilang katutubong paraan ng panliligaw at proseso ng kasal sa lipunang Surigaonon:

**Magtatanong.** Sa tradisyonal na paraan ng panliligaw sa Surigaonon, ang lalaki ay unang magtatanong sa mga magulang ng babae para sa kanilang pahintulot o pagpayag na maging kasintahan ng kanilang anak.

**Magpapakilala**. Matapos ang pagpayag mula sa pamilya ng babae, ang lalaki ay magpapakilala sa kanyang sarili at sa kanyang pamilya sa pamilya ng babae. Ito ay isang paraan upang magpakita ng paggalang at pagpapakilala sa mga pamilya ng magkasintahan.

**Kasunduan**: Pagkatapos ng mga pagpapakilala, maaaring magkaroon ng pag-uusap o pagtatalakay tungkol sa mga kasunduan tulad ng kasal, pananagutan sa mga tradisyonal na gawain, at iba pang mahahalagang aspeto ng pagsasama.

**Pamamanhikan:** Isa sa mga pinakamahalagang yugto sa proseso ng panliligaw sa Surigaonon ay ang pamamanhikan. Ito ay ang pagbisita ng pamilya ng lalaki sa pamilya ng babae upang opisyal na ipahayag ang kanilang intensyon na magpakasal. Sa pamamagitan ng pamamanhikan, ang mga detalye tulad ng petsa, lugar, at iba pang aspeto ng kasal ay pinag-uusapan.

**Kasal:** Ang kasal sa lipunang Surigaonon ay isang malaking pagdiriwang na puno ng mga tradisyonal na seremonya at ritwal. Ito ay kadalasang ginaganap sa simbahan o sa isang espesyal na lugar na napagkasunduan ng mga pamilya. Sa kasal, ang mga tradisyonal na awit, sayawan, at seremonya ay isinasagawa upang ipakita ang paggalang at pagpapahalaga sa kanilang kultura at paniniwala.

Ang mga nabanggit na paraan ng panliligaw at proseso ng kasal ay maaaring magbago depende sa rehiyon at indibidwal na karanasan, ngunit ang mga ito ay ilan lamang sa mga pangunahing aspeto ng tradisyonal na lipunang Surigaonon. Ito ay nagpapakita na ang Tradisyon at kultura ng Surigaonon ay buhay at patuloy na nagbabago. Naniniwala ang mananaliksik na isa sa mga katangian ng kultura ang pagiging dinamiko, na dulot ng impluwensiyang ganap ng 'neolohismo' sa lipunan.

**Paglapat ng mga Katawagan sa Kultura ng kasal sa**
Asignaturang Filipino

Ang kultura ng Surigaonon, lalo na ang kanilang mga tradisyon sa panliligaw at kasal, ay maaaring mailapat sa asignaturang Filipino sa iba't ibang paraan upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang pambansang identidad at kultural na kasaysayan. Ayon kay Tan at Samson (2019), ang pag-aaral ng mga lokal na tradisyon ay mahalaga sa pagpapanatili ng pambansang identidad at sa pagpapalawak ng pag-unawa sa iba't ibang aspeto ng kulturang Pilipino .

Sa modernong panahon, maraming mga paraan ang maaaring gamitin upang mapanatili ang tradisyon sa panliligaw at kasal sa lipunang Surigaonon. Narito ang ilan sa mga paraan na maaaring makatulong sa pagpapalaganap at pagpapanatili ng mga tradisyonal na kaugalian:

**Paggamit ng Teknolohiya**: Sa panahon ngayon, maaaring gamitin ang teknolohiya tulad ng mga social media platform, email, at video calls upang mapanatili ang ugnayan at komunikasyon sa pagitan ng mga pamilya ng magkasintahan. Maaari rin itong gamitin upang magbahagi ng impormasyon at mga larawan ng mga tradisyonal na seremonya at ritwal sa panliligaw at kasal.

**Edukasyon at Kamalayan**: Mahalaga ang patuloy na edukasyon at kamalayan sa mga susunod na henerasyon tungkol sa mga tradisyonal na kaugalian at ritwal sa panliligaw at kasal ng Surigaonon. Maaaring isama ito sa mga paaralan, organisasyon ng komunidad, o mga pagtitipon ng pamilya upang mapanatili ang pagpapahalaga at pagpasa ng tradisyon. Maaaring ipasok sa aralin ang mga terminong Surigaonon kaugnay ng kasal at panliligaw upang mapalawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral. Makakatulong ito upang mapalakas ang kanilang kakayahan sa paggamit ng iba't ibang diyalekto at pagunawa sa kanilang etnolinguistikong pagkakakilanlan. Alinsunod sa pag-aaral nina Reyes (2017), ang pagsasama ng mga lokal na wika sa kurikulum ng Filipino ay isang mahalagang hakbang upang mapanatili at mapagyaman ang mga diyalekto ng Pilipinas.

**Partisipasyon ng Kabataan**: Mahalaga rin ang pagpapakilos at pagpapahalaga sa partisipasyon ng kabataan sa mga tradisyonal na seremonya at ritwal. Sa pamamagitan ng pagpapakilala at pagpapaliwanag sa mga kabataan tungkol sa kahalagahan ng mga tradisyonal na kaugalian, maaaring mahikayat silang makilahok at magbigay ng bagong sigla sa mga seremonya at ritwal. Mapapanatili sa pamamagitan ng pagpapagawa palagi, o dapat laging ipaalam sa mga kabataan na ang pangliligaw o pagpapakasal ay napakahalaga, dahil dito masusukat ang pagmamahal ng dalawang taong nagmamahalan. Kailangang hindi ipag walang bahala lamang upang hindi ito mapalitan ng mga kaugalian sa modernong panahon ngayo. Nararapat lamang nila ito pahalagahan at laging ipa unawa kung gaano ka ganda ang ganitong proseso, upang mas malaman kung gaano ito kalaki ang kanyang pagmamahal.

**Pagpapanatili ng Seremonya at Ritwal:** Bagaman may mga pagbabago sa estilo at mga elemento ng kasal sa modernong panahon, mahalaga pa rin ang pagpapanatili ng mga tradisyonal na seremonya at ritwal. Ang pagpapanatili ng mga ito ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa kasaysayan at kultura ng lipunang Surigaonon.

Sa pamamagitan ng mga nabanggit na paraan, maaaring mapanatili at mapalaganap ang tradisyon sa panliligaw at kasal ng Surigaonon sa kabila ng modernisasyon at pagbabago sa lipunang kinabibilangan nila. Ang pagtangkilik at pagpapahalaga sa kanilang mga kaugalian ay nagpapatibay sa kanilang pagkakakilanlan at pagkakaisa bilang isang komunidad. HIgit sa lahat, mapapanatili lamang ito sa pamamagitan ng pagpapahalaga ng bawat tao, kung gaano ka sagrado ang pagpapakasal at kailangan ipabatid sa mga tao kung gaano ito ka importante. Dapat malaman o mabatid nila na ang pagpapakasal ay hindi madaling gawin. Kailangang pag isipan ng mabuti.

Sa kabila ng mga pulitikal, heograpikal at ekonomikal na mga salik na nagpabago sa Pilipinas sa kasalukuyan, kahit sabihin pang naisasalba na ang bansa sa kondisyong post kolonyal, isang bagay ang hindi maiiaalis na bakas ng kolonyalisasyon. Sa pag-aaral ni Mabaquiao (2007), inilahad na ang isang hamon ng globalisasyong nagaganap sa lipunan ngayon ay kung paano mapapanatili at lalo pang maitaguyod ang kani-kanilang identidad sa harap ng mga pagbabagong dala at dulong ng nasabing globalisasyon, tulad halimba ng mga pagbabagong dulot ng makabagong teknolohiya, sa kanilang mga kultura o pangkalahatang pamamaraan ng pamumuhay.

Ang pag-integrate ng mga tradisyon at kultura ng Surigaonon sa asignaturang Filipino ay hindi lamang nagbubukas ng kamalayan sa kultura ng iba't ibang rehiyon ng Pilipinas, kundi nagpapatibay din ng pagkakakilanlan at pagmamalaki sa pagiging Pilipino. Sa ganitong paraan, natututo ang mga mag-aaral na pahalagahan ang yaman ng kanilang sariling kultura habang patuloy na hinuhubog ang kanilang kasanayan sa wika at pag-unawa sa panitikan.

**BANGHAY ARALIN PARA SA MGA PAMAHIIN AT PANINIWALA SA KASAL SA KONTEKSTONG SINURIGAONON AT FILIPINO**

| | |
|---|---|
| **Layunin** | Sa pagtatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>1. Matukoy at maipaliwanag ang mga salitang Sinurigaonon na kaugnay ng pamahiin at paniniwala bago, sa araw ng, at pagkatapos ng kasal.<br>2. Masuri ang mga salitang magkatulad at di magkatulad sa Filipino at Sinurigaonon kaugnay ng kasal.<br>3. Mailapat ang mga salitang ito sa kontekstong kultural ng kasal sa kanilang sariling wika sa Filipino. |
| **Paksa** | **Pamahiin at Paniniwala sa Kasal: Sinurigaonon at Filipino** |
| **Mga Kagamitan** | PowerPoint<br>larawan at video<br>Manila Paper at visual aids<br>Mga larawan ng tradisyunal na kasal |
| **Pamamaraan** | ***Review:*** Magbigay ng maikling talakayan sa mga lokal na pamahiin at paniniwala sa kasal sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas.<br>**Diskusyon:**<br>Ipaliwanag ang mga salitang Sinurigaonon na may kaugnayan sa pamahiin at paniniwala bago, sa araw ng, at pagkatapos ng kasal.<br>Bigyan ng mga halimbawa ang bawat isa, at talakayin ang kanilang kahulugan at kahalagahan sa lokal na kultura.<br>**Halimbawa**<br>Bunyagan- binyag ng tubig bago ikasal upang makaiwas sa malas.<br>Pauli-an- pagbabalik sa bahay ng nobya matapos ang kasal upang hindi mainggit ang mga espiritu.<br>Ihambing ang mga salitang ito sa mga salitang ginagamit sa Filipino. Tukuyin ang mga magkatulad at di magkatulad na termino. |
| **Panimulang Gawain** | Hatiin ang klase sa mga grupo at bigyan sila ng pagkakataong pag-usapan at itala ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga salitang Sinurigaonon at Filipino kaugnay ng kasal. |
| **Pagsusuri** | Magpasaliksik sa mga mag-aaral ng ibang pamahiin sa kanilang lokal na wika o kultura at ihambing ito sa pamahiin ng Sinurigaonon. |
| **Paglalahat** | Ipaalala ang kahalagahan ng pag-unawa sa mga lokal na wika at kultura, at kung paano ito nagpapalawak ng ating pananaw at paggalang sa iba't ibang komunidad. |
| **Takdang Aralin** | Ipagawa ang pag-iinterbyu sa kanilang mga lolo at lola o matatanda sa kanilang komunidad tungkol sa mga tradisyon at pamahiin sa kasal. Ipasalin ang mga ito sa Filipino at talakayin sa susunod na klase. |
| **Ebalwasyon** | a. Ipagawa sa mga mag-aaral ang isang maikling role-play kung saan gagamitin nila ang mga salitang Sinurigaonon sa kontekstong kultural ng kasal.<br>b. Ipagawa ang isang sanaysay kung paano maaaring isama ang mga salitang Sinurigaonon sa mga aralin sa Filipino, at kung paano ito nagpapakita ng pagiging malikhain at pagiging bukas sa kultura. |

## KABANATA 4
## BUOD, KONKLUSYON, AT REKOMENDASYON

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng buod ng pag-aaral, konklusyon at rekomendasyon na nabuo ng mga mananaliksik mula sa kanyang pagaaral at ang rekomendasyon ay nabuo mula sa konklusyon ng pagaaral**.**

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

**Buod**

Ang pag-aaral na ito ay pinamagatang Balyung Kultural para sa Preserbasyon ng Kasal sa Kulturang Surigaonon**.** Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa mga paraan at kahalagahan ng kulturang pagpapasal sa tradisyon ng Surigaonon.

Sa pag-aaral, napatunayan na napapanatili sa tradisyon ng Surigaonon ang tradisyon ng pagpapakasal sa gitna ng modernong panahon. Napansin din na sa gitna ng pagbabago ng panahon, ito ay nagiging hamon sa ilan kung paano ito mapapanatili para sa susunod na henerasyon. Ginamit ng mananaliksik sa pag-aaral na ito ang thematic analysis at ang sarbey. Samantala ang mga impormante ay pinili sa pamamagitan ng kombinasyong purposive at convenience sampling.

Batay sa mga nakalap na mga datos, natuklasan ng ng pananaliksik na ito na:

1.Sa pananaliksik na ito, bumubuo ng labing tatlo (13) residente ang mga babae habang pito (7) lamang ang mga babae. Nabibilang sa pangkat Bisaya/Surigaonon at naninirahan sa lugar ng lima hanggang sampung taon.

2.Sa pag-aaral nabuo ang ebolusyon ng panliligaw at kasal, kahalagahan ng pamamanhikan, at ang pagpapanatili ng tradisyon sa modernong panahon ang mga pangunahing nabuo na tema sa pag-aaral na ito.

3.Sa gitna ng pagbabago at modernong panahon, napapanitili sa tradisyon ng Surigao ang mga tradisyonal na pamamaraan. Sa proseso ng pamamanhikan at pagdaraos ng kasal sa tradisyon ng Surigaonon, ito ay binubuo ng Pamalandong, Pangkikay, Pamamasid, Pagpupulong, Pamamanhikan, at Paghahanda. Ito ay nangangahulugan ng hindi paglaho ng ating tradisyon sa pamamanhikan at pagpapakasal sa konteksto ng Surigaonon.

4. Sa kahalagahan ng pamamanhikan at kasal, ito ay malalim na bahagi sa kultura at tradisyon ng Surigaonon, nabanggit ang mga proseso sa paraan ng panliligaw na nagpapatunay na patuloy ang pagbabago ng tradisyon. Sa pagpapanatili sa tradisyon sa gitna ng modernong panahon, ito ay naging hamon sa ilan kung paano nito mapanatili na angkop sa nakasanayan na tradisyon at kultura ng Surigao.

Ang pangunahing iminungkahi ng mananaliksik ay ang pagpapataas ng kamalayan tungkol sa tradisyon sa mga Kabataan.

**Konklusyon**

Sa kabuuan, malinaw na natuklasan ang kahalagahan ng pagpapahalaga sa kultura at tradisyon ng Surigaonon. Ang mga nakasanayang tradisyon tulad ng pamamanhikan at pagpapakasal ay hindi lamang simpleng seremonya, kundi nagpapakita rin ng paggalang, pagpapahalaga sa pamilya, at pagmamahal sa kapwa. Ito ay nagpapakita na sa gitna ng makabagong panahon at modernong pamamaraan, ito ay nangangailangan ng kolektibong pagsisikap sa ibat-ibang antas ng mamamayan upang mapanatili ang kultura at identidad ng isang komunidad. Malaki ang ginagampan ng mga kultura at tradisyon lamang sa pangkatetniko sa Surigao kundi maging ng ilang kultura sa Pilipinas. Habang naniniwala tayo na ang tradisyon ay dinamiko at bukas sa mga pagbabago, ito ay may gampaning personal, espiritwal, at kultural sa isang komunidad.

**Rekomendasyon**

Nabuo ang mga sumusunod na rekomendasyon batay sa naging resulta ng pagaaral ng mananaliksik. Ito ang mga sumusunod:

Sa paggamit ng teknolohiya at modernong paraan, mahalaga rin na maisama ang mga tradisyonal na kaugalian at pamamaraan. Sa kabila ng hamon ng modernong panahon, maring gamitin ang mga ibat-ibang platforms upang maipatas ang kamalayan ng ibang Kabataan para sa susunod na henerasyon.

Sa aspeto ng edukasyon, mahalaga ang pagpapalaganap ng kamalayan at patuloy na edukasyon sa mga kaugalian ng panliligaw at pagpapakasal. Maaari ito na i-integate sa kurikulum at mapasama sa mga paaralan at organisasyon ng komunidad.

Ang pagpapatuloy sa mga nakaugalian na tradisyon sa Surigaonon ay magiging hamon pa sa hinaharap kaya ito ay nangangailangan ng ekstensibong pag rebyu sa kahalagahan nito at ang implikasyon sa susunod na henerasyon.

Iminumungkahing gumawa pa ng malalimang pagsusuri sa ilan pang aspektong hindi pa nabibigyang pansin sa kultura at tradisyon ng Surigaonon dahil ang mga datos ay nakalimita lamang sa pagpapakasal at pamamahikan.

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

**Pasasalamat**

Lubos na pinasasalamatan ng mananaliksik ang mga nagbigay ng tulong at suporta upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito. Una, sa Poong Maylikha, na nagbigay ng lakas at inspirasyon upang magampanan ang lahat ng tungkulin. Pangalawa, kay Dr. Elvis P. Patulid ng Surigao del Norte State University, para sa walang-hanggang suporta at pagbubukas ng mga oportunidad sa pagkatuto. Pangatlo, kay Dr. Gemma R. Escultor, sa kanyang gabay, payo, at inspirasyon sa buong proseso ng pananaliksik. Pang-apat, sa pamilya at sa kanyang katuwang na si Royce Toche N. Siona, para sa walang sawang pagmamahal at suporta. Panglima, sa mga kaibigang sina Jenny C. Cano, Maria Rose S. Bonono, Karmela Kaye J. Navarro, Eunice N. Idea, Kim Anthony S. Balante, at Eunice L. Perez, na naging sandigan sa mga oras ng pagod. Panganim, sa mga kapwa mananaliksik at kasamahan sa eskwela, na nagbahagi ng kanilang mga ideya at pananaw. At panghuli, sa lahat ng indibidwal at institusyon na nagbigay ng kaalaman at mapagkukunan para sa tesis na ito. Maraming salamat sa inyong lahat.

## TALASANGGUNIAN

**[1].** ANDRES, R. (1985).Management by Filipino Values.A Sequel to Understanding Filipino Values. Quezon City: Philippines New Day. [11] Timbreza, F. T. (2003). Filipino Values Today. National Bookstore, Mandaluyong City Manila

**[2].** EDERIO, NIKKO. (2023). Lived Experiences of Surigaonons on the Quality of Education and Life in the Rural. 07. 210-227. 10.5281/zenodo.8151959.

**[3].** GUZMAN, EMMANUEL AVILA. Marriage Policy in the Philippines: A Case Study in Agenda Setting. The University Of Waikato. 2009

**[4].** HUNT, C. L., & COLLER, R. W. (1957). Intermarriage and Cultural Change: A Study of Philippine-American Marriages. *Social Forces*, *35*(3), 223–230. https://doi.org/10.2307/2573505

**[5].** INDON, RYAN State Policies and Practices around Transnational Marriages in the Philippines.
State Policies and Practices around Transnational ...Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia https://asj.upd.edu.ph › ASJ-40-1-2004

**[6].** JAZEL A. PORCIUNCULA, PROF. CLAIRE BERJA. Just Like A Mouse Trap: A Study On The Primacy Of Marriage As An Institution Of The Philippine Society That Limits A Filipino Wife From Ending An Abusive And Failing Marriage. 2010-29951 PS 100

**[7].** KAHAMBING, JAN GRESIL & DEGUMA, JABIN & CASE-DEGUMA, MELONA. (2019). Marrying, Loving, and Dreaming: A Case Study of the Developmental Tasks of Lasting Marriages in the Philippines. Academic Journal of Interdisciplinary Studies.

**[8].** KUANG, BERNICE. The Unexpected Rise of Cohabitation in the Philippines: Evidence for a Negative Educational Gradient University of Southampton Brienna Perelli-Harris, University of Southampton Sabu Padmadas, University of Southampton. 2016.

**[9].** MORILLO, HANNAH & CAPUNO, JOSEPH & JR, AMADO. (2013). Views and Values on Family among Filipinos: An Empirical Exploration. Asian Journal of Social Science. 41. 5-28. DOI-10.1163/15685314-12341278.

**[10].** TOMAQUIN R.D. AND TOMAQUIN-MALONG R. (2022) The Socio-Cultural Views of the Mamanwas of Tandag: An Ethnographic Study of the Peace-Loving Community, International Journal of History and Philosophical Research, Vol.10, No.2, pp.25-39

**[11].** WILLIAMS, LINDY & KABAMALAN, MARIAMIDEA. (2006). Attitudes Toward Marriage In The Philippines.

**[12].** VANCIO, J. A. (1980). The Realities of Marriage of Urban Filipino Women. *Philippine Studies*, *28*(1), 5–20. http://www.jstor.org/stable/42632504
Iba pang mga Sanggunian:
https://barongworld.com/blogs/news/the-rich-tapestry-of-philippine-marriage-culture-traditions-values-and-evolution

**[13].** Marriage and families across Cultures https://openstax.org/books/introduction-anthropology/pages/11-4-marriage-and-families-across-cultures